

PARA SA AGARANG PAGLABAS

## **Ang desisyon ng Korte ay naggawad sa mga bayad at nagdedesisyon para sa Mga Pasya ng Integrity Commissioner sa Sekswal na Panggigipit Laban kay Konsehal Dhillon**

BRAMPTON, ON (Hunyo 11, 2021) – Sa araw na ito, ang Ontario Superior Court of Justice – Divisional Court ay nagdesisyon sa panig ng Lungsod ng Brampton at sa Integrity Commissioner ng Lungsod, at iginawad ang bayad sa mga nagastos sa dalawa, sa kaso ng Dhillon v. The Corporation of the City of Brampton, kaugnay ng pasya ng Integrity Commissioner sa mga alegasyon ng maling mga kilos laban kay Konsehal Dhillon, at sa desisyon ng Konseho na tanggapin ang pasyang iyon.

Nagagalak ang Lungsod sa desisyon ng Divisional Court na nagkukumpirma sa mga pasya at rekomendasyon sa Report ng Integrity Commissioner kaugnay ng reklamo laban kay Konsehal Dhillon.

Ang Lungsod at ang Integrity Commissioner ay ginawaran ang bawat isa ng \$20,000.00 sa mga gastos kaugnay ng legal na hakbang.

Ang pasya ng korte ay sumusuporta sa mga aksyon at desisyon ng Konseho kasunod ng pagtanggap sa Report ng Integrity Commissioner.

Ipinadala ng Korte ang limitasyon sa kakayahan ni Konsehal Dhillon na makipag-usap lamang sa mga kasapi ng publiko sa pamamagitan ng email gamit ang kanyang City email address pabalik sa Konseho para sa dagdag na konsiderasyon. Maaariing ikonsidera ng Konseho ang rekomendasyon na ito sa lalong madaling panahon.

-30-

**LINK:** [Dhillon v. The Corporation of the City of Brampton Ontario Superior Court of Justice – Divisional Court Ruling June 11, 2021](#)

**Bilang isa sa napakabilis na lumalaking lungsod sa Canada, ang Brampton ay tahanan ng 700,000 tao at 75,000 negosyo.** Ang mga tao ang nasa gitna ng lahat ng ginagawa natin. Napapalakas tayo ng ating diverse na mga komunidad, hinihikayat natin ang pamumuhunan, at sinisimulan natin ang isang paglalakbay para pangunahan ang teknolohikal at pangkapaligirang inobasyon. Nakipag-partner tayo para sa pag-unlad upang magtayo ng isang nakalulusog na lungsod na ligtas, sustainable at matagumpay. Kumonekta sa amin sa [Twitter](#), [Facebook](#), at [Instagram](#). Alamin ang higit pa sa [www.brampton.ca](http://www.brampton.ca).

### **KONTAK NG MEDIA**

Monika Duggal  
Coordinator, Media at Pakikilahok sa Komunidad



## Media Release

Strategic na Komunikasyon  
Lungsod ng Brampton  
905-874-3426 | [Monika.Duggal@brampton.ca](mailto:Monika.Duggal@brampton.ca)

